Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-07 NG SETYEMBRE, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 197-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAWALANG-SAYSAY SA REKLAMO NI G. DANIEL D. ASTO LABAN SA BUMUBUO NG SANGGUNIANG BARANGAY NG BANGKAL, LUNGSOD NG MALOLOS.

Akda nina: KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. ENRICO C. CAPULE at KGG. DIONISIO C. MENDOZA

SAPAGKAT, noong 04 Marso, 2020 ay nakatanggap ang Sangguniang Panlungsod ng liham laban kay Kagawad Francisco Butcon at sa bumubuo ng Sangguniang Barangay ng Bangkal at ito ay naitukoy sa Lupon sa Kagandahang Asal at Mabuting Pamamahala noong 12 Marso 2020. Dahil sa inabutan ng pandemya ng COVID-19, noong 17 Hulyo, 2020 na napadalhan at natanggap ng Sangguniang Barangay ng Bangkal ang kopya ng reklamo na may tagubilin na sila ay maghain ng sinumpaang kasagutan ukol dito sa loob ng 15 araw. Noong 30 Hulyo, 2020 ay natanggap ng Sanggunian ang sagot ng Sangguniang Barangay ng Bangkal;

SAPAGKAT, ayon sa reklamo ni G. Daniel D. Asto, noong 10 Hulyo, 2018 siya ay nagtungo sa tanggapan ng Barangay Bangkal upang humingi ng *Barangay Business Permit* at *Barangay Certificate* bilang requirement sa kanyang aplikasyon sa National Food Authority para sa pagtitinda ng bigas. Subalit hindi siya binigyan ng noon ay nakaupong Officer-of-the-Day na si Kagawad Francisco Butcon sa dahilang hindi raw sakop ng Barangay Bangkal ang lupang kinatatayuan ng kanyang tahanan, bagkus ito ay sakop na ng Barangay Santor;

SAPAGKAT, ang bagay na ito ang lubhang ikinasama ng loob ni G. Asto, dahil aniya ang mga dokumentong hawak niya gaya ng *Land Title, Voter's ID* at *National Housing Authority Certification* ay pawang sa Barangay Bangkal ang nakalagay na address;

SAPAGKAT, ayon naman sa sinumpaang kasagutan ng Sangguniang Barangay ng Bangkal, pinatunayan nilang hindi nga nabigyan ng *Barangay Business Permit* at *Barangay Certificate* si G. Asto, sapagkat ang kaniyang tinitirhan gayundin ang kanyang negosyo ay nasasakop na ng Barangay Santor. Ito naman ay bunga ng usapan ng dalawang nagdaang nanungkulang kapitan (Kap. Narciso Bulaong ng Barangay Bangkal at Kap. Bienvenido Bulaong ng Barangay Santor) na ang Block 14 hanggang Block 38 ay sakop ng Barangay Santor na hanggang sa kasalukuyan ay sinusunod pa rin nila bagama't walang pormal na kasulatan bilang katibayan;

SAPAGKAT, nabanggit din nila na may nakahain ng liham kahilingan na may petsang 17 Setyembre, 2018 sa Sangguniang Panlungsod na naglalayong magkaroon ng pormal at opisyal na pagkakakilanlan ang mga sakop na bloke o hangganan ng Barangay Bangkal at Barangay Santor;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

SAPAGKAT, sa pagpupulong na ipinatawag noong 02 Setyembre, 2020 matapos ang pagpapalitan ng saloobin ng magkabilang panig ay nagkaroon ng pagkakasundo ang lahat na ang nangyaring kaganapan ay bunga ng kalituhan at di- pagkakaunawaan sa mga pormal na hangganan ng dalawang barangay;

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Dennis D. San Diego na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na ipawalang-saysay ang reklamo ni G. Daniel D. Asto laban kay Kagawad Francisco Butcon at sa bumubuo Sangguniang Barangay ng Bangkal, Lungsod ng Malolos bunsod ng pagkakasundo ng magkabilang panig.

IPINASIYA PA RIN, na maitukoy sa Lupon sa Kapakanang Pambarangay ng Sangguniang Panlungsod, ang usapin ng pagkakaroon ng opisyal na pagkakakilanlan ng hangganan ng Barangay Bangkal at Barangay Santor, partikular ang nabanggit na Block 14 hanggang Block 38 upang maiwasan na ang anumang kahalintulad na pagkalito sa hinaharap.

PINAGTIBAY.

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

*KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI - ABC President

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

PINATUTUNAYAN:

KGG. NOEL G. PINEDA
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*09092020